# Kasaysayang Panlipunan at ang Pandemyang COVID-19: Piling Tema at Paksa

Ma. Florina Orillos-Juan
*De La Salle University*

**Abstract:** Social history is a sub-discipline of history that focuses on the lives and experiences of ordinary individuals. Moreover, it underscores the relationship between social classes in a society. Unlike political or economic history that often highlights the role of the elite class, social history assigns a significant role to ordinary people and provides them with a historical agency. Social history could also highlight the everyday lives and lived experiences of the ordinary citizens. Lastly, social history follows a particular method and utilizes various types of sources. In this study, selected themes and topics will be presented: a suggested sub-periodization, with specific geographical focus; the issue of discipline amongst the people amidst the government's implementation of key policies and health protocols to combat the further spread of the disease; the practice of religion and importance of faith and devotion during the pandemic, and the impact of the COVID-19 pandemic on women, who are considered to be one of the most vulnerable sectors during these times.

**Keywords:** Social History; COVID-19; Pandemic; Ordinary People; Lived Experiences

**Abstrak:** Ang Kasaysayang Panlipunan ay isang sub-disiplina ng kasaysayan na nagtutuon ng pansin sa mga pangkaraniwang mamamayan at gayundin, sa mga ugnayan ng iba't ibang uring panlipunan sa loob ng isang kabihasnan. Sa madaling salita, hindi kagaya ng matingkad na tuon sa mga naghaharing-uri o elite sa larangan ng Kasaysayang Pulitikal o Kasaysayang Pangkabuhayan, higit na tampok ang mga ordinaryong mamamayan kung saan ay binibigyan sila ng mahalaga at malalim na papel at tinig sa mga kaganapan. Maaari din na maging ispesipikong aspekto ng pamumuhay ng mga pangkaraniwang tao ang siyang tuunan ng pansin ng Kasaysayang Panlipunan – halimbawa nito ay kung paano nila ginugugol ang buhay sa araw araw. Sumusunod ito sa isang metodo at maaari na sumangguni sa iba't ibang uri ng batis na pagkukuhanan ng datos. Ilalahad sa kasalukuyang papel ang ilang piling tema at paksa sa pagsulat ng Kasaysayang Panlipunan ng COVID-19 gaya ng sumusunod: mungkahing pagpili ng pagpapanahon/periodisasyon at lugar na tutuunan ng pansin, disiplina at pagsunod sa mga panuntunang pangkalusugan na ipinairal ng mga awtoridad, ang praktis ng relihiyon at matatag na pananampalataya, at pandemya at ang kalagayan ng mga kababaihan sa gitna ng pandemya.

**Mga Susing Salita:** Kasaysayang Panlipunan; COVID-19; Pandemya; Ordinaryong Mamamayan; Karanasan sa Araw-araw na Pamumuhay

## Introduksiyon

Halos dalawang taon na ang nakaraan, humarap ang Pilipinas sa isang krisis sa kalusugang pampubliko bunsod ng pandemyang COVID-19. Ang naturang sakit ay kawangis ng mga trangkaso na lumitaw noong dantaon 20 katulad ng H1N1("Spanish flu"); H2N2 ("Asian flu") at H3N2 ("Hongkong flu") at sa pagdatal ng dantaon 21 gaya ng Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS) at A(H1N1) o higit na kilala bilang *swine flu*. Gayunpaman, ang panibagong *strain* na SARS-CoV-2 na sanhi ng sakit na COVID-19 ay nagdulot ng malawak na epekto sa lipunang Pilipino.

Kinumpirma ng Department of Health (DOH) ang unang kaso ng COVID-19 sa Pilipinas noong 30 Enero 2020, kasabay na nagpatupad ng mga panuntunan upang maiwasan ang pagkalat ng naturang sakit. Una nang inasahan ng mga awtoridad na magkaroon ng pagtaas na eksponensiyal ang bilang nga mga kaso hindi lamang sa National Capital Region (NCR) kung saan nagtala ng pinakamaraming kaso ng maysakit na COVID-19 kung hindi maging sa kalapit-bayan nito. Bilang agaran na tugon, nagpatupad ang gobyerno ng mga patakarang pangkalusugan gaya ng pagsusuot ng *face mask* at nang lumaon, pati ng *face shield,* pagpapanatili ng pisikal na distansya na isang metro, madalas na paghuhugas ng kamay gamit ang tubig at sabon, disimpeksiyon sa pamamagitan ng alkohol at ang mga serye ng *lockdown* upang sugpuin ang mabilis na pagkalat ng sakit.

Totoong napakahalaga ng interdisiplinaryong lapit sa pagtalakay ng iba't ibang dimensiyon ng pandemyang COVID-19. Ang disiplina ng Kasaysayan, bilang Agham Panlipunan ay may napakahalagang papel sa pagsipat, pagtaya at pagsusuri ng epekto ng COVID-19 sa lipunang Pilipino. Partikular na bibigyang-tuon kung paano ang metodo at balangkas konseptuwal na ginagamit sa sub-disiplina ng Kasaysayang Panlipunan ay makaambag sa paghubog ng isang makabuluhan at napapanahon na salaysay na nakatuon hindi lamang sa mga aksiyon ng pambansang pamahalaan subalit lalo't higit sa tugon at reaksiyon ng mamamayang Pilipino. Dagdag pa dito ang pagpapanukala ng mga tema at piling paksa na maaaring talakayin sa Kasaysaysang Panlipunan ng COVID-19.

## Paglalahad ng Suliranin

Ang pangunahing tunguhin ng papel na ito ay maipaliwanag ang halaga ng metodo at balangkas konseptuwal ng Kasaysayang Panlipunan sa pagsusulat ng karanasan ng Pilipinas sa pagharap sa mga hamon na dulot ng pandemyang COVID-19 sa nakaraang dalawang taon.

Bagama't hindi maituturing na "bago" ang danas ng pagharap sa isang pandemyang nakalangkap sa ilalim ng kategoryang trangkaso, isinaad sa mga siyentipiko at medikong pag-aaral na ang virus na SARS-CoV-2 ay may kakaibang katangian, sapagkat maliban sa mabilis makapang-hawa ay pambihira ang birulensya ng naturang sakit.

## Layunin ng Pag-aaral

Ang unang layon ng kasalukuyang pag-aaral ay bigyang-katuturan ang Kasaysayang Panlipunan bilang isang disiplina ng Kasaysayan. Ikalawa ang pagpapaliwanag sa metodo at balangkas konseptuwal na nakahabi sa Kasaysayang Panlipunan at kung paano ito mailalapat sa pagbalangkas ng isang makabuluhang naratibo ukol sa karanasan ng Pilipinas at mga Pilipino sa pagharap sa pandemyang COVID-19. Ikatlo ay ang tangka na mai-presenta ang mga tema na maaaring linangin sa pagsusulat ng Kasaysayang Panlipunan at COVID-19 as Pilipinas.

## Metodolohiya ng Pag-aaral

Sa paglalahad ng resulta ng pag-aaral ay gagamitin ang lapit na deskriptibo-analitikal (Lemon, 2003, pp. 294-295). Batay sa mga nasumpungan na primaryang (at sekundaryang) batis, ilalarawan ang mga kaganapan na kinatatampukan ng mga tao na siyang pangunahing aktor at at ang lahat ay nagaganap sa isang partikular na lugar at tiyak na panahon. Analitikal na metodo sapagkat tatangkain na tukuyin ang mga padron sa mga kaganapan at suriin ang mga ito sa paraang kontekstuwal.

Naka-angkla ang kasalukuyang pag-aaral sa pagpapakahulugan na ikinakawing sa Kasaysayang Panlipunan. Sa diwang ito, tutuunan ng pansin ang mga ordinaryong mamamayan na siyang nakaranas ng epekto ng pagpapatupad ng mga patakarang pampamahalaan na susugpo sa paglaganap ng sakit na ito.

## Mga Resulta ng Pag-aaral at Pagsusuri

Hindi maitatanggi na ang pangunahing paksa ng pandemyang COVID-19 ay may kabuluhan ng sa disiplina mismo ng Kasaysayan at Kasaysayang Panlipunan. Gayunpaman, malinaw na hindi ito simpleng litanya, paglilista o kronikel ng mga kaganapan mula noong Marso 2020. Bagkus, sentro ng kasalukuyang pag-aaral na makabuo ng isang salaysay na may saysay sa sangka-Pilipinuhan. Napaka-importante ng mga kontekstong temporal, sosyal at pangkasaysayan, sa kasaysayan – sa madaling salita, ang mga kaganapan, sirkumstansya, partikular na karanasan sa loob ng isang tiyak na panahon ay kailangan bilang kaligiran o *background*.

### *Kasaysayang Panlipunan: Katuturan, Metodo at Batis*

Binibigyang-kapangyarihan ng Kasaysayang Panlipunan ang ordinaryong mamamayan, kapwa bilang paksa at ahenteng pangkasaysayan. Maliwanag na lumilitaw ito sa mga sumusunod na pagpapakahulugan ng naturang sub-disiplina:

Ayon sa batikang historyador na Briton na si George Trevelyan, ito ay may "bahagyang negatibong konotasyon sapagkat ito ay kasaysayan ng mga tao na iwinaksi ang aspektong pulitikal" (Trevelyan, 1944, p. vii). Para naman kay Ludmilla Jordanova, "mahalagang talakayin ang pamumuhay ng mga ordinaryong mamamayan at hindi lamang ang mga elit; at dapat pagtuunan ng pansin ang kanilang *lived experience* (Jordanova, 2000, p. 38). Ang kalakasan ng Kasaysayang Panlipunan ang tuon ni Peter Stearns (2003): "ang kakayahan nito na tumugon sa iba't ibang paksain o isyung panlipunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng kontekstong pangkasaysayan at perspektibong analitikal (p. 14). Ayon kay John Tosh (2010, p. 70), bahagi talaga ng kasaysayang panlipunan ang pagtutuon sa suliranin/isyung panlipunan gaya ng pagharap ng lipunan sa isang epidemya o pandemya. Ito ay pinagyaman pa ng historyador ng kasaysayan ng medisina na si Charles Rosenberg (1989, p. 1) nang kaniyang isulong na ang paglitaw ng mga sakit ay may matindi, malawak at malalim na epekto sa isang lipunan kaya't ito ay isang lehitimong yunit ng pagsusuri.

Ang kasaysayang panlipunan ay tumutugon sa kaparaanan na higit na nagtutuon ng pansin sa mga ordinaryong mamamayan – ang kanilang aksiyon at reaksiyon sa mga pangunahing isyung panlipunan kaya't dapat maging angkop din ang pagkalap ng mga batis na sila mismo ang lumikha at/o kaya naman ay sila ang tampok na pangunahing aktor/ahensya ng karanasan at kasaysayan.

Ipinaliwanag ni Raphael Samuel (1985) na "napatunayan ng mga historyador ng kasaysayang panlipunan ang kapakinabangan ng mga dokumentong dati rati ay hindi pinapansin o binabale-wala." Hindi lamang mga limbag na dokumento subalit maging palitan ng mga liham, talaarawan, resibo ng anumang transaksiyon, may natatangi na silbi at gamit rin ang mga lumang larawan, artefact ng pang araw-araw na pamumuhay, at iba pa.

Upang palitawin at bigyang-diin ang papel ng mga ordinaryong mamamayan, mabisa ang paggamit ng kasaysayang pasalita. Sang-ayon kay Tosh (2012, p. 316), "nagbibigay-daan ang kasaysayang pasalita sa pagpapatingkad ng tinig sa mga ordinaryong tao." Dagdag pa niya, dahil sa kasaysayang pasalita, ang kasaysayang panlipunan ay nagkakaroon ng mas makatao na anggulo o dimensiyon" (*Ibid.*, p. 317). Ito ay angkop sa pagpapahalaga ni Thompson (2000, p. 3) na "…ang kasaysayang pasalita ay maaaring magbigay-daan sa transpormasyon ng nilalaman at hangarin ng kasaysayan…posible nitong baguhin ang pokus ng kasaysayan at magbukas ng mga bagong paksang sasaliksikin."

### *Mga Piling Tema at Paksa Patungkol sa Kasaysayang Panlipunan ng COVID-19*

#### Mungkahing Pagpapanahon: Unang Yugto: Enero-Mayo 2020

Ilang bagay ang dapat isaalang-alang sa pananaliksik at pag-aaral ng Kasaysayang Panlipunan ng COVID-19 sa Pilipinas. Ang pangkalahatang danas ng bansa sa pandemyang ito ay posibleng hatiin sa iba't ibang yugto. Ang paghahati sa mga yugto ay may tiyak na panahon o piryod kung kailan nakapaloob ang mga ispesipikong kondisyong pangkalusugan, depende sa lugar – bayan, lalawigan/rehiyon, panununan na ipinairal ng mga awtoridad upang tugunan/sugpuin ang paglaganap ng sakit, at panghuli, kung ano ang naging pangkaraniwan na tugon at reaksiyon ng mga ordinaryong mamamayan, kapwa sa banta ng sakit at mga regulasyong pampamahalaan. May ispesipikong padron na matutukoy para sa bawat yugto. Halimbawa, kung ang mapipili na paksa ay ang unang yugto para sa rehiyon ng Luzon,

partikular ang National Capital Region (NCR)– ang tumutugon sa unang pagpapanahon ay mula Enero 2020 kung kailan ang kauna-unahang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa Pilipinas ay naitala hanggang katapusan ng Mayo 2020 kung kailan mula sa imposisyon ng *enhanced community quarantine* ay bahagyang nagluwag tungo sa pagpapatupad ng *general community quarantine* at *modified general community quarantine*. Una nang inilabas ni Pangulong Rodrigo R. Duterte ang Proklamasyon Bilang 922, serye ng 2020 kung saan idineklara ang State of Public Health Emergency sa buong Pilipinas, kasunod ng kumpirmasyon ng unang lokal na transmisyon (Office of the President of of the Philippines, 2020). Kapagdaka, tinawag sa isang pulong ang Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging and Infectious Diseases (IATF-EID) noong 9 Marso 2020 upang magbalangkas ng mga panuntunan na susugpo sa mabilis at malaganap na pagkalat ng COVID-19 (Lopez, 2020). Noong Marso 16, 2020 ay sinimulang ipatupad sa rehiyon ng Luzon ang *enhanced community quarantine*, ayon sa itinatadhana ng Proklamasyon Bilang 929 na nagkabisa simula 16 Marso 2020 (Office of the President of the Philippines, 2020). Malawak ang saklaw ng serye ng mga panuntunan – mula sa pagsuspinde ng klase, ng operasyon ng mga transportasyong pampubliko, paghikayat sa pagta-trabaho sa bahay ng mga empleyado, pansamantalang pagpapasara ng mga negosyong 'di-esensyal, at tahasang pagbabawal sa mga pampublikong pagtitipon na dadaluhan ng maraming tao.

Kabilang sa mga paunang mga aksiyon ay paghihikayat ng palagiang paghuhugas ng kamay, pagsunod sa *social distancing* na isang metro ang layo buhat sa isa't isa, pag-uutos na magsuot ng *face mask*, lalung lalo na kung lalabas ng bahay. Iniatas sa mga lokal na pamahalaan ang mahigpit na pagpapatupad ng *lockdown*, ang mag-isyu ng isang *quarantine pass* sa bawat kabahayan.

Sa pangkalahatan, ang mapupunang katangian ng yugtong ito ay malabis na pag-aalala, matinding pangamba, kawalang-katiyakan, at maaari pa nga ng kalituhan. Nagmamadali ang mga eksperto sa kalusugan, siyentista at mananaliksik upang magbigay ng wastong impormasyon sa sakit at nang sa gayon, mabatid kung ano ang pinakamabisang tugon at aksiyon para mabawasan ang risko ng impeksiyon, paghahawahan at malawak na pagkalat.

## Disiplina Habang Nasa Gitna ng Pandemyang COVID-19

Ang implementasyon ng sistema ng kuwarentenas ay binalangkas at pinangasiwaan ng IATF na binanggit na sa seksiyon sa itaas. Naging katuwang ang Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) sa mahigpit na pagpapatupad ng *lockdown* at *curfew*, pagbabantay sa mga *checkpoint* upang maseguro na walang makatatakas, lalo't higit kung hindi naman sila *authorized person outside of residence* (APOR). Inatasan naman ang lokal na pamahalaan – siyudad/munisipalidad, sa pamamagitan ng mga barangay ang pagi-isyu ng mga *quarantine pass* at nilimitahan ito sa isang tao lamang sa bawat kabahayan na puwedeng lumabas upang bumili ng pangangailangan, pagkain at gamot. Mahigpit din ang bilin ni Pangulong Duterte na sundin ang mga awtoridad kung ayaw ng mga tao na sila ay makulong dahil sa paglabag sa mga panuntunan (Presidential Communications Operations Office, 2020).

Sa gitna ng mga panuntunang nabanggit, hindi maiwasan ang mga taong lumalabag sa patakaran – pilit na lumalabas ng bahay kahit hindi APOR, kakalat-kalat sa mga kalsada at kalye, hindi wastong pagsusuot ng *face mask* (at lumaon, ng *face shield* na ginagawang *sunglasses* o *headband*), paglabag sa oras ng *curfew,* pagbibiyahe ng kani-kanilang tricycle at o jeepney kapag walang nanghuhuli at iba pa.

Ang karaniwang perspesyon sa mga mamamayan na hindi tumatalima sa mga panuntunan at patakarang pangkalusugan ay sadyang matigas lamang talaga ang ulo, o kaya naman ay "pasaway" (gaya na lang ng pinaksa ni Hapal, 2020 sa kaniyang papel). Gayunpaman, kung gagawing malalim ang pag-alam ng ugat ng ugali o pagkilos na ito, gayundin ang pagsasa-konteksto, mababatid na may ilan salik na dapat isaalang-alang upang higit ito na maunawaan. Una na sa lahat ang estadong panlipunan ng ilang mamamayan na nakatira halimbawa, sa mga eskinita na dikit-dikit ang bahay kaya't halos tulugan lang ang mga ito – kapag karaniwang araw, simula sa umaga, gagala o lalabas na lamang ang mga miyembro ng pamilya. Ikalawa ang biglaang paghinto ng hanapbuhay na siyang pinagkukuhanan ng pang-gastos, lalo na sa pagkain. Hindi biro ang bagay na ito, lalo para sa manggagawa na arawan ang suweldo. Ang mga drayber halimbawa ng mga pampublikong transportasyon ay paano pa kikita ng salapi kung bawal ang mag-biyahe. Oo at may ayuda sa simula subalit ito ay hindi naman magagawang tuloy-tuloy ng gobyerno, nasyonal o lokal man, sapagkat may

hangganan ang pondo na maaaring pagkuhanan. Malinaw na sa pagkakataong ito, pinatingkad ng sakit na COVID-19 ang hindi na pantay na estado ng mga mamamayan. Ang mga kapus-palad ay higit na mataaas ang tsansa at risko na dumanas ng mga kawing-kawing na problemang hatid ng pandemya.

### Katolisismo, Panalangin at Pag-iingat sa COVID-19

Batay sa datos mula sa Philippine Statistics Authority (PSA) ang populasyon ng Pilipinas ayon sa sensus na ginawa noong 2015 ay umabot na sa tinatayang 100,981,437 milyon katao at 79.5% sa mga ito ay Katoliko (Philippine Statistics Authority, 2017). Samakatwid, isa sa mga temang maaaring tukuyin sa Kasaysayang Panlipunan ng COVID-19 ay kung paano naging "takbuhan" ang relihiyon o paano ang praktis mismo ng debosyon ng mga Katoliko ay nagbigay ng pag-asa at nagpatibay sa kanilang pananampalataya sa gitna ng hamon sa sakit na itong mabilis makahawa.

Simula nang maglabas ng mga pabatid at kalatas ang pambansang pamahalaan hinggil sa mga hakbang upang sugpuin ang pagkalat ng sakit na COVID-19, gumawa din ng sarili nilang pag-iingat ang pamunuan ng Simbahang Katoliko. Halimbawa, na lamang, ay ang kalatas na inilabas noong Enero 2020 ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CPBCP) na ilahad ang kamay sa pagkuha ng Ostiya, iwasan maghawak-kamay kapag dinadasal ang Ama Namin, pagbudbod ng abo sa ulo imbes na ipahid sa noo ng mananampalataya kapag *Miercoles de Ceniza* at ang pag-iwas na humalik sa Krus kapag sumasamba tuwing Biyernes Santo. Mahalaga rin ang pag-sambit ng *Oratio Imperata* (obligatoryong panalangin) laban sa pagkalat ng (noon ay kilala pa bilang) 2019-nCoV.

Nang lumaon ang Arkidiyosesis ng Maynila, sa pamamagitan ng Tagapamahalang Apostoliko nito na si Obispo Broderick Pabillo at naglabas ng Liham Pastoral noong 9 Marso 2020 ng panawagan sa publiko na makiisa at sumunod sa mga binalangkas na patakaran ng awtoridad para maibsan ang mabilis na pagkalat ng COVID-19. Kabilang sa laman ng Liham Pastoral ang pansamantalang pagtatanggal ng lalagyan ng Banal na Tubig at ang pag-iwas sa paghahawak-kamay sa tuwing dadasalin ang Ama Namin (Gomes, 2010). Dagdag pa, nakiusap ang Simbahan sa mga may sakit at/o sintomas na huwag nang lumabas at manatili sa bahay upang doon taimtim na manalangin o kaya ay magbasa ng Bibliya. Batid ng Simbahan na bahagi ng pagpapakita ng debosyon ng mga Pilipinong Katoliko ang paghawak at/o paghalik sa mga imahe ng santo, kahit pa nga sa salamin lamang na nagsisilbing pang-protekta ng imahe. Ipinanawagan sa publiko na huwag na muna itong gawin upang hindi kumalat ang virus. Inabisuhan na maglalagay ng pisikal na harang upang hindi makalapit ang mga nagpupunta sa mga simbahan (*Ibid.*)

Malinaw na ang pangamba, pakiramdam ng kawalang-katiyakan ay napawi o nabawasan sa pamamagitan ng praktis ng pananampalataya gaya ng personal na panalangin, pagdalo sa misa na onlayn, at maging ang kaugaliang magbasa ng Banal ng Bibliya. Gaya ng una nang binaggit, ang mga hamon at suliranin na kakambal ng paglaganap ng COVID-19 ay nagdulot ng matinding tensiyon at hamon sa kalagayang pangkalusugan ng mga piling indibidwal. Sa pamamagitan ng relihiyon, nagkaroon ng batayan ng pag-asa ang mga mananampalataya na ang lahat ng ito ay nakatakda din na magtapos sa takdang panahon.

### Kababaihan at COVID-19

Isang dimensiyon ng pagsusulat ng Kasaysayang Panlipunan ng COVID-19 sa Pilipinas ang epekto nito sa mga kababaihan. Sa konteksto ng Kasaysayang Panlipunan, bahagi ng kasaysayan ng mga natatangi at bulnerable na sektor ang mga kababaihan. Ayon sa pag-aaral ng International Development Law Organization (IDLO, 2020), totoong iba ang karanasan ng mga kababaihan sa gitna ng pandemya – halimbawa na lamang, mahirap makakuha ng *hygienic kit*, at gayundin ang suplay para sa pagpa plano ng pamilya at maging ang pangangalaga matapos mapakapanganak. Dagdag pa dito, napakataas ng lebel ng bulnerabilidad ng mga babae na maraming papel na ginagampanan – lalo kung nawalan ng trabaho at kailangan na bumuhay ng anak, mag-alaga ng nakatatanda na miyembro ng pamilya. May ilang kababaihan na lingkod-pamayanan o boluntaryo kaya't hindi maiwasan na sila ay maging lantad sa COVID-19 at mataas ang risko na makuha ang sakit at mahawahan ang kanilang mga kasama sa bahay (*Ibid.*).

Ayon sa ulat ng Plan International hinggil sa onlayn na *perception survey* na isinakatuparan mula Abril 20 hanggang Mayo 15, 2020, nabanggit din ang mga datos na inilahad sa itaas. Natuklasan ng naturang sarbey na ang mga babaeng may edad 13 hanggang 24 taong gulang na tumaas ang bilang ng insidente ng karahasan sa mga bata at babae, sa aktuwal na sitwasyon man o onlayn. Sa katunayan,

5% ng mga sinarbey ay na-obserbahan ang karahasan sa kanila mismong tahanan, 17% ang nagwika na sila ay saksi sa karahasan sa kababaihan at kabataan sa labas ng kanilang bahay at 56 % ang nagsabi na ang ganitong kondisyon ay namalas mula sa *social media* at/o telebisyon. (Plan International 2020). Ang ganitong sitwasyon ay inilarawan din sa isa pang artikulo: "ang mga serye ng *lockdown* ay lalo pang nagpalala sa kondisyon ng mga kababaihang biktima at patuloy na namumuhay sa mapang-abuso na asawa dahil hindi maaaring lumabas ng bahay para takasan ang sitwasyon o kaya naman ay makapag-suplong sa awtoridad" (Khullar, 2020).

Malinaw na ipinapakita ng mga datos na nakalap sa itaas na bunsod ng mga restriksyon sa pagkilos upang mabawasan ang pagkalat ng pandemya, lalo pang lumala ang kondisyon ng mga piling kababaihan na noon pa man ay nakaranas na ng pang-aabuso. Samakatwid, lalo pang ibinunyag ang panlipunang kondisyon ng 'di-pagkakapantay-pantay.

## Konklusyon

Makabuluhan ang paggamit ng lente at balangkas konseptuwal ng Kasaysayang Panlipunan tungo sa mas malawak at malalim na pagtatala, pagsasa-dokumento, paghahabi ng naratibo ng kasaysayan ng pandemyang COVID-19 sa Pilipinas. Magiging kapaki-pakinabang ang pag-aaral, pananaliksik at pagsusulat ng Kasaysayang Panlipunan ng COVID-19 sa Pilipinas kung makapagtatakda ng padron ng mga kaganapan at mahihinuha mula sa konteksto at kaligirang pangkasaysayan na dapat unawain ang mga kalagayan bago ang pandemyang COVID-19 at kung paano higit na pinatingkad ng sakit na ito ang mga suliraning kinaharap ng mga ordinaryong mamamayan.

## Talasanggunian

Angeles, F. (2020). Filipinos Most Obedient in Wearing Face Mask and Face Shield https://popnews.online/filipinos-most-obedient-in-wearing-face-mask-and-face-shield/

Edrada, E. et.al. (2020). First COVID-19 Infections in the Philippines. *Tropical Medicine and Health*, 48: 21. DOI: 10.1186/s41182-020-00203-0

Gomes, R. (2020, March 10). Coronavirus: Manila Archdiocese Braces for Worst Case Scenario. *Vatican News*. https://www.vaticannews.va/en/church/news/2020-03/philippines-manila-archdiocese-coronavirus-pabillo.html

Hapal, K. (2021). The Philippines' COVID-19 Response Securitising the Pandemic and Disciplining the Pasaway. *Journal of Current Southeast Asian Affairs*, 40(2): 224-244. DOI: 10. 1177/ 1868 1034 21994261

International Development Law Organization. (2020, July 30). Rule of Law in the Time of COVID-19: the Philippines. https://www.idlo.int/news/notes-from-the-field/rule-law-time-covid-19-philippines

Jones, D. S. (2020). History in Crisis – Lessons for COVID-19. *New England Journal of Medicine*, 382:1681-1683. DOI: 10.1056/NEJMp2004361

Jordanova, L. (2000). *History in Practice*: London: Arnold.

Khullar, A. (2020). COVID-19 Impact on Women in the Philippines. *Relief Web*. https://reliefweb.int/report/philippines/covid-19-impact-women-philippines

Lau, L. L., Hung, N., Go, D. J., Ferma, J., Choi, M., Dodd, W., & Wei, X. (2020). Knowledge, attitudes and practices of COVID-19 among income-poor households in the Philippines: A cross-sectional study. *Journal of Global Health*, 10(1), 011007. https://doi.org/10.7189/jogh.10.011007

Lemon, M. (2003). *Philosophy of History A Guide for Students*. London and New York: Routledge.

Lopez, V. (2020, March 9). Duterte convenes inter-agency body as COVID-19 cases rise to 20. *GMA News Online*. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/728975/duterte-convenes-inter-agency-body-as-covid-19-cases-rise-to-20/story/

Office of the President of the Philippines. (2020). Proclamation No. 922 Declaring a State of Public Health Emergency Throughout the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2020/03/08/proclamation-no-922-s-2020/

Office of the President of the Philippines. (2020). Proclamation No. 929 Declaring a State of

Calamity Throughout the Philippines Due to Corona Virus Disease 2019. https://www.officialgazette.gov.ph/2020/03/16/proclamation-no-929-s-2020/

Patinio, F. (2021, January 29). CBCP Issues Revised Mandatory Prayer for Protection vs. COVID-19. *Philippine News Agency*. https://www.pna.gov.ph/articles/1129013.

Plan International. 2020. Through Her Lens: The Impact of COVID-19 on Filipino Girls and Young Women. https://plan-international.org/philippines/publications/through-her-lens-the-impact-of-covid-19-on-filipino-girls-and-young-women/

Presidential Communications Operations Office. (2020, April 16). Transcript: Talk to the People of President Rodrigo Roa Duterte on Coronavirus Disease 2019 April 16, 2020. https://pcoo.gov.ph/presidential-speech/talk-to-the-people-of-president-rodrigo-roa-duterte-on-coronavirus-disease-2019-covid-19-2/

Rosenberg, C. E. (1989). What is an Epidemic? AIDS in Historical Perspective. *Daedalus*, 118 (2). https://www.jstor.org/stable/20025233

Samuel, R. (1985). What is Social History? *History Today*. https://www.historytoday.com/archive/what-social-history.

Stearns, P. (2003). Social History Present and Future. *Journal of Social History*, 37(1): 9-19.

Thompson, P. (2000). *The Voice of the Past Oral History* 3rd Ed. Oxford and New York: Oxford University Press.

Tosh, J. (2010). *The Pursuit of History: Aims, Methods and New Directions in the Study of Modern History 5th edition*. England: Pearson.

Trevelyan, G. (1944). *English Social History*. England: Longman.